# *Katipunan Role Play Script*

**Back Story:**

(Flashes of Events)

- (Indyo nagbubuhat ng sako ng palay at sinisipa ng Gwardya Sibil habang naglalakad)
- (Mga babaeng hinahabol ng Prayle (rape scene))
- (Mga indyong hinahabol ng mga Gwardya Sibil at binabaril)

(Suggested background music: https://www.youtube.com/watch?v=aWIE0PX1uXk&list=PLEwFqdvd7aQVkACTgV1htCDP0z5__86gO )

—-------------------

***Scene 1:***

## *Paghuli kay Rizal at pagpapatapon sa Dapitan*

**Gwardya Sibil** : (Nasa gilid ni Jose Rizal)

**Prayle**: Dahil sa kasong Sedisyon ikaw ay hinahatulang ipatapon sa isang kubling lugar, ngayon din, ikaw ay itatapon sa Dapitan.

(Umalis ang mga Gwardya Sibil kasama si Rizal)

—-------------------

***Scene 2:***

## *Pagkakatatag ng lihim na kilusang – Kataas-taasang, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan / KKK – Ika-7 ng Hulyo 1892*

**Narrator**: Matapos na mahuli at maipatapon si Jose Rizal, itinatag ang lihim na kilusan na tinawag Kataas-taasang, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan / KKK. Ito ay

binuo sa isang bahay sa *Kalye Azcarraga* (ngayon ay kilala bilang Abenida, Claro M. Recto) sa Tondo, Maynila.

**Andres Bonifacio**: Ginigipit ng husto ng mga mistisong bangus si Gat. Jose Rizal. Kung nagagawa nila iyon sa isang ilustrado, paano pa sa ordinaryong mamayan. Hinog na ang galit ng mga tagalog! Panahon na upang lumaban, hindi na sapat ang bumatikos lamang at umasang may mangyayari. Panahon na nang – Mata sa mata, ngipin sa ngipin.

**Teodoro Plata:** Teka lang muna bayaw, ako ay may agam-agam sa iyong nais gawin. Hinog na hinog na ating galit ngunit hilaw na hilaw pa tayo sa paglaban. Kulang tayo sa karanasan at kulang tayo sa armas.

**Andres Bonifacio**: Huwag kang mag-alala bayaw, hinding-hindi tayo magkukulang sa tapang. Lalaban ako kahit sa anumang paraan. Maputol man ang aking mga kamay, maputol man ang aking mga paa, gagapang ako at kakagatin ko sila.

**Deodato Arellano**: Supremo, mula sa pamilya ng mga Arellano, sumasang-ayon ako. Tama na, sobra na. Tapos ang santohan, panahon na ng paspasan!

**Ladislao Diwa**: Supremo, sa angkan ng mga Diwa, kaisa ninyo kami. Isa para sa lahat, lahat para sa isa!

**Andres Bonifacio**: Ngayon pagtibayin natin ang ating kasunduan, lumagda tayo gamit ang ating dugo bilang tanda na handa tayong ibuwis ang ating mga buhay.

*(Sandugan – lahat ay naghiwa sa braso at ginamit ang dugo sa pag-lagda)*

**Andres Bonifacio**: (itinaas ang pirmadong kasunduan) Mabuhay ang kalayaan!

**Lahat**: Mabuhay!

**Andres Bonifacio:** Mabuhay ang katipunan!

**Lahat**: Mabuhay!

**Andres Bonifacio:** Kamatayan sa mga Kastila

**Lahat**: Kamatayan!

Background Music: https://www.youtube.com/watch?v=6ZYybDhnpPg (0:01 to 0:26 only)
(Start playing on - : (itinaas ang pirmadong kasunduan) )

—-------------------

***Scene 3:***

## *Paglaki ng Kilusan – Women's Chapter ( 1893 )*

**Narrator**: Mula sa pagkakatatag ng Katipunan, mabilis lumaki ang bilang ng mga kasapi nito dahil sa "**Sistemang Tatsulok".** Ang sistemang ito ay ang paghihikayat ng bawat isang miyembro ng dalawa upang ma-kumpleto ang metaporhiyang hugis na tatsulok. Ito ay ginawa hindi lamang sa Luzon, kundi, pati na rin sa Visayas at ilang lugar sa Mindanao.

At hindi lang ito ekslusibo sa mga kalalakihan, noong 1893 nagkaroon ang Katipunan ng **Women's Chapter** sa pamumuno ni Gregoria de Jesus, ang asawa ni Andres Bonifacio.

**Gregoria de Jesus:** Mga kapatid kong kababaihan! Tapos na ang panahong nasa tahanan lamang tayo at naghihintay kung magkakauwi pa ng buhay ang ating mga asawa mula sa kanilang pakikibaka. Panahon na, na lumabas ng tahanan at tumulong sa abot ng ating makakaya. Maari tayong mang-gamot, maging mensahero, at higit sa lahat, maari na rin tayong humawak ng armas at lumaban ng harapan sa mga kastila!

**Gregoria de Jesus:** Para sa Kalayaan!

**Mga Kababaihan:** Para sa Kalayaan!

**Gregoria de Jesus:** Mabuhay ang Katipunan!

**Mga Kababaihan:** Mabuhay ang Katipunan!

Background music: https://www.youtube.com/watch?v=Vedd0Nr7Has (0:04 – 0:15)
(Play after the last line)

—-------------------

***Scene 4:***

## *Paglimbag ng Pahayagan na Kalayaan*

**Narrator: Enero sa taong 1896**, nailimbag ang pahayagang – **Ang Kalayaan** na naglalayon na maka-hikayat ng marami, upang sumapi sa kilusan.

**Emilio Jacinto:** Supremo! (Sumaludo)

**Andres Bonifacio:** Anu 'yon Heneral Jacinto?

**Emilio Jacinto:** Narito at tingnan mo ating pahayagan – **Ang Kalayaan**. Hindi tulad ng mga naunang pahayagan na nailimbag ng mga ilustrado, mas mabisa itong pang-gising sa kamalayan ng ating mga kababayan dahil sa **konsepto** at sa **paggamit natin ng mga salitang kolokyal** na mas maiintindihan ng maraming kababayan lalo na ang mga di nakapag-aral.

**Andres Bonifacio:** Sumasang-ayon ako sa lahat ng iyong sinabi, Pingkian. Karapat-dapat ka talagang maging Utak ng Katipunan.

**Emilio Jacinto:** Maraming salamat, Supremo!

**Andres Bonifacio:** Heneral, Inaatasan kitang ilimbag ‘Ang Kalayaan’ ngayong araw na ito. Inaasahan kong maraming sasapi sa ating samahan kapag nabasa na nila ang ating pahayagan.

**Emilio Jacinto:** Masusunod po, mahal na Supremo (sumaludo)

Backgroud music: https://www.youtube.com/watch?v=y1rsqgCig00 ( 2:10 – 2:27 )
(Play after the last line)

—-------------------

***Scene 5:***

## *Pagbisita ni Pio Valenzuela sa Dapitan*

**Narrator**: *Hunyo 1896* - Inatasan ng Supremo si Pio Valenzuela na puntahan si Dr. Rizal sa Dapitan upang hingan ng payo, itakas, at gawing kasapi ng kilusan.

**Pio Valenzuela**: Dr. Rizal, apat na taon na ang nakararaan, nang pinatapon ka dito. Noon araw na iyon itinatag ang isang lihim na samahan, ang **Kataastaasang Kagalanggalangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan,** itinayo ito upang ipaglaban ang sambayanan – ang kanilang kalayaan sa pamamagitan ng armadong rebolusyon. Kami ang bunga ng iyong mga libro, ikaw ang kinikilala naming inspirasyon.

**Dr. Rizal**: (umiling at nagbuntong-hininga). Hindi ko ‘yan hinangad.

**Pio Valenzuela**: Dr. Rizal, pinapunta ako ng Supremo dito upang sabihin sa inyo na handa ng sumiklab ang himagsikan, anumang oras.

**Dr. Rizal**: Itigil ninyo ang kabaliwang ito! Hindi handa ang bayan para sa rebolusyon…. Hindi pa hinog ang sitwasyon…saan kayo kukuha ng armas?

**Pio Valenzuela**: Sa mga kaaway.

**Dr. Rizal**: Sa loob ng apat na taon, gaano karaming armas ang naipon ninyo sa ganyang paraan?

**Pio Valenzuela**: Inaamin ko, hindi sapat.

**Dr. Rizal**: Inuulit ko Don Pio, sabihin mo sa iyong Supremo na tigilan na n'ya ang kabaliwan na ito.

**Pio Valenzuela**: Paano mo mapipigil ang pagsabog ng bulkan! Hindi na matitiis ng taumbayan ang kanilang buhay alipin. Hindi na mapapahupa ang kanilang galit! Handa na silang lumaban, sa ayaw man natin o gusto. May armas man o wala. Sisiklab ang himagsikan!

**Dr. Rizal**: Dinadala ninyo ang taumbayan sa bangin!......Sa tiyak na kamatayan!

**Pio Valenzuela**: Kung ayaw mo kaming mahulog sa bangin, bakit di mo kami bigyan ng lambat? Ang payo mo Dr. Rizal!

**Dr. Rizal:** (tumahimik ng sandali, bakas ang pangamba sa kanyang mukha).

Kausapin ninyo at magpatulong kayo sa mga mayayaman, dahil kaya nilang bumili ng mga armas.

Kausapin din ninyo ang mga may pinag-aralan, dahil may konti silang kaalaman sa Siyensya Militar. Matuturuan din nila kayo na, bumuo, magsanay ng isang displinadong hukbo.

'Yon lang ang mapapayo ko sa iyo.

**Pio Valenzuela:** Paano ka, Dr. Rizal?

**Dr. Rizal:** Nanahimik na ako dito. Isa pa ay, nabigay ko na ang aking salita sa gobyerno na hindi ako tatakas dito.

**Pio Valenzuela:** Sa ayaw mo o gusto, idadamay ka ng mga prayle sa mangyayaring kaguluhan.

**Dr. Rizal:** Huwag ninyo akong alalahanin. Kung talagang puputok ang himagsikan, 'wag na kayong lumingon para lamang sa iisang tao.

Background music: https://www.youtube.com/watch?v=M581xtH-W0c (0:31 – 0:50 )
(Play after the last line)

—-------------------

***Scene 6:***

## ***Pagkakabunyag ng Sekretong Kilusan***

**Narrator:**

*Ika-19 ng Agosto 1896.*

Maniwala man kayo o sa hindi, napakababaw lang ng naging dahilan kung bakit nabunyag ang lihim na samahan ng Katipunan. Ito ay dahil lang sa **dalawang-piso.**

Tama, dahil na-inggit ang katipunerong si **Teodoro Patiño** sa dalawang-pisong dagdag sa sweldo ng isa ring katipunero na si **Apolonio de la Cruz.**

Sa galit ni Teodoro, na-kwento niya ito sa kanyang kapatid na si **Honoria** na isang madre sa isang ampunan sa Mandaluyong.Nabanggit din niya sa kapatid ang tungkol sa Katipunan at ang pag-imprenta ng '**Ang Kalayaan**' sa Diaro de Manila.

Sa pag-aalala sa kaligtasan ng kapatid, na-kwento naman ni Honoria ang lahat kay **Sor Teresa de Jesus**, **ang Inang Tagapamahala ng Ampunan.**

Dahil sa katapatan sa Espanya, agad naman itong inulat ni Sor Teresa sa kanyang among prayle na si Padre Mariano Gil.

**Padre Mariano Gil:** Mga kawal! Dalhin si Teodoro Patino dito ngayon din at kailangan niyang magkumpisal! Hahahaha!

Background music: https://www.youtube.com/watch?v=dbOw7qezmC8 (1:23 – 1:34)
(play after the last line)

—-------------------

***Scene 7:***

## *Sigaw ng Pugad Lawin*

**Narrator:** Dahil sa kumpisal ni Teodoro Patino noong ika-19 ng Agosto, nalaman ng mga kastila ang mga galaw ng Katipunan. Maraming nadakip at isinara rin ang Diaro Manila matapos kumpiskahin lahat ng mga materyales na may kinalaman sa pahayagang – 'Ang Kalayaan'.

Dahil dito, mula sa pagiging lihim na kilusan, napilitan ang samahan na gawin itong lantarang rebelyon. Nagsimula ito sa **Sigaw ng Pugad Lawin** o kilala rin bilang **Sigaw sa Balitawak**.

**Melchora Aquino:** (Kinakausap si Bonifacio). Andres, ang kinabukasan ng mga susunod na henerasyon ay bahagi ng ating responsibilidad. Tayong may lakas at kakayahang lumaban, tayo ang makakapagbigay ng kalayaan na nararapat sa kanila.

Bilang **Ina ng Katipunan,** pinauubaya ko na sa iyo na gawin ang sa tingin mo ay nararapat. (Inabot ang bolo/itak kay Andres)

**Andres Bonifacio:** (Tumingin sa itak ng ilang saglit) Napakarami na ng nabiktima ng mga kastila. At mas marami pang mamatay kung hindi pa natin sila pipigilan. Ilang araw mula ngayon, sa gabi ng Agosto bente-nuebe, sisimulan natin ang rebolusyon!

Ilabas ang inyong mga cedula! Ang pirasong papel na ito ay simbolo ng ating pagka-alipin na kailangan na nating wakasan. Kulang man tayo sa sandata, mas malakas man ang kanilang gamit pandigma. Lalaban tayo ng buong bangis hanggang sa huling hibla ng ating hininga.

Sa atin ng lupang ito! Sa atin ang bayan na ito!

Punitin ang mga cedula!

Mabuhay ang Katipunan!

**Katipuneros:** Mabuhay!

**Emilio Jacinto:** Mabuhay ang rebolusyon!

**Katipuneros:** Mabuhay!

Background Music: https://www.youtube.com/watch?v=y1rsqgCig00 (0:01 – 0:26)
(Start playing after ‘Punitin ang mga cedula’ )

—-------------------

***Scene 8:***

## *Armadong Pag-aalsa*

**Narrator:** Ang unang sigaw ng Katipunan ay kasabay ng pagtunog ng kampana ng simbahan noong alas-nuwebe ng gabi, ika-29 ng Agosto, 1896. Nagkaroon ng mga maliliit na pag-atake sa araw na ito.

Ang plano ni Supremo ay sabay-sabay na pag-atake sa mga kampo ng kastila para mapaligiran ang Intramuros. Ngunit nabuko ito ng mga kastila at pinatapon ang mahigit na limang-daan na katipunero sa ibat-ibang lugar.

Ngunit imbis na panghinaan ng loob, itinuloy parin ng grupo ni Supremo ang pag-atake. Nagpatuloy sila sa San Juan del Monte kung saan naganap **Ang Labanan sa San Juan del Monte**, na kilala rin bilang **Labanan sa Pinaglabanan**, noong **ika-30 ng Agosto, 1896**. Ito ay itinuturing na **unang malaking labanan** ng Rebolusyong Pilipino.

**Andres Bonifacio:** Mga kasama! Ngayong gabi, ihahatid natin ang mga demonyong kastila sa lugar kung saan sila nararapat, sa impyerno!

Lusob!

**Katipuneros:** Lusob!



mag-pause katulad sa larawan habang may

background music mula sa **Lupang Hinirang** - https://www.youtube.com/watch?v=M581xtH-W0c&list=RDM581xtH-W0c (2:20 – 2:50) ).
(https://www.tiktok.com/@kiannecor/video/7468802336895290631?lang=en)